# Hindi mo pa Nakikita ang Wala

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
January 02, 2021

Sa pagsisimula ng bagong taon, marami tayong dapat asahan. Maraming tao ang nasasabik kung ano ang dala ng 2021, ngunit marami rin ang may agam-agam baka ito'y mas masahol pa kaysa sa 2020. Subalit, lagi nating ibatay ang ating mga araw kung sino ang ating Diyos. Lahat ng tungkol sa Kanya ay lumalago. "…ako'y magbubukas ng bagong landasin sa gitna ng ilang" (Is. 43:19). Kung sa palagay natin ay nakita na natin ang lahat, sa katunayan hindi pa natin nakikita ang wala, dahil walang imposible sa Diyos (Mt. 19:26).

Sa maraming pagkakataon, ang ating pagkabigo ay nagiging daan ng ating tagumpay. May limang kuwento sa Bibliya na kung saan ang pagkabigo ay naging daan ng tagumpay.

**1.Ang Kasalan sa Cana (Jn. 2:7-10)**

1.1 Sa kasalan, kinapos sila ng alak. Sinabi ni Jesus sa mga naglilingkod, "…punuin ninyo ng tubig ang mga tapayan." Ginawa Niyang masarap na alak ang tubig. Ang imposible ay posible sa Diyos!

1.2 Gusto ng Diyos ang pinakamabuti para sa atin. Kung nawawalan tayo ng pag-asa, ang Diyos ay laging handa para tulungan tayo.

**2. Binuhay ni Jesus ang anak ni Jairo (Mk. 5:39-41)**

2.1 Sinabi ni Jesus, "Bakit kayo nagkakagulo at nananangis? Hindi patay ang bata; natutulog lamang!" Hinawakan Niya ito at sinabing, "Ineng, magbangon ka!" Pagdaka'y bumangon ang bata at lumakad at namangha ang lahat.

2.2 Ipinapakita ng paksang ito na ang lahat ay pansamantala lamang. Kung tayo'y nawawalan na ng pag-asa at nagdurusa, ginagamit ni Jesus ang mga ito para ipakita ang Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian. Tinutulungan tayo ng Diyos; siya ang ating lakas para makatawid sa ating mga pagsubok.

**3. Muling Binuhay si Lazaro (Jn. 11: 39-43)**

3.1 "Alisin ninyo ang bato," sabi ni Jesus. Sumagot si Marta, "Panginoon, nangangamoy na po siya ngayon; apat na araw na po siyang patay." Hindi ba sinabi ko sa inyo na kung mananalig ka sa akin ay makikita mo gaano kadakila ang Diyos?" Pagkasabi nito, sumigaw siya, "Lazaro, lumabas ka."

3.2 Inuutasan tayo ng Diyos na tanggalin ang mga batong nakaharang para makita natin ang Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian. Hindi pa natin nakikita ang wala at malapit na Niya tayong masorpresa sa ipagkakaloob Niya sa atin.

**4. Ang Pagtawid sa Dagat ( Ex. 14)**

4.1 Gumawa ng paraan ang Diyos para magawang maluwag na lansangan ang dagat. Ang ating mga ligalig at bagabag ay kaya Niyang gawing ating tagumpay. Ang pinakamadilim nating sandali ay ilaw ng Kanyang kaluwalhatian. Kaya Niyang ipahinto ang ating mga unos sa buhay. Nagagawa Niyang magandang halamanan ang libingan, at napapawi Niya ang ating lungkot, sasayaw tayo sa galak at tuwa (Awit 30:11).

**Konklusyon:**

Maski natapos natin ang 2020 na pagod, wasak o hindi maayos, nasasabik pa rin tayo at umaasa sa magandang dulot ng 2021. May Diyos tayong nagdadala sa atin ng mga bago at dakilang bagay. Ang ating pananalig sa Diyos ang daan para mamangha tayo sa mga pagkakataong bubuksan Niya. Huwag patayin ang switch natin sa Diyos. Magaling na manunulat ng buhay ang ating Panginoon Diyos at alam Niya paano magtatapos ang kuwento ng ating buhay. Laging maganda ang katapusan. Hindi pa natin nakikita ang wala!

**Pagninilay:**

1.Para sa iyo, kumusta ang taong 2020? Paano ang pagsalubong mo sa 2021?
2. Isipin ang mga "bato" sa buhay mo na nakaharang para maranasan ang mga tanda't himala ng Diyos.
3. Paano ka maghahanda sa pagtanggap ng mga bagong bagay mula sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials

#WalangimposiblesaDiyos
#Sumulong #MgaHimalangDiyos
#Gawingtagumpayangmgapagsubok